



**PROGRAMA PARA SA GRANT SA MALILIIT NA NEGOSYO NG SAN MATEO COUNTY STRONG
FUND
MGA MADALAS ITANONG**

MGA PANGKALAHATANG TANONG TUNGKOL SA PROGRAMAMA

Ano ang Programa para sa Grant sa Maliliit na Negosyo ng San Mateo County Strong Fund?

Ipinatupad ang kautusang Shelter in Place (Manatili sa Tirahan) ng California para mapigilan ang pagkalat ng COVID-19 na marami nang naapektuhan sa buong estado, kasama ang maliliit na lokal na negosyo na napilitang magbawas ng mga tauhan o serbisyo dahil sa mas mababang demand at kakulangan ng mapagkukunan. Binuo ng San Mateo County, sa pakikipagtulungan sa Silicon Valley Community Foundation at San Mateo County Economic Development Association (SAMCEDA), ang San Mateo County Strong Fund (SMCSF).

Layunin ng SMCSF, na partikular sa suporta sa maliliit na negosyo, na magbigay ng mga emergency na grant sa pamamagitan ng San Mateo Credit Union Community Fund bilang suporta sa maliliit na lokal na negosyo sa kanilang mga pagsisikap na magpasahod ng mga empleyado, patuloy na magsagawa ng mga operasyon, tumupad sa kanilang mga kasalukuyang obligasyon, at makaraos sa kabila ng mga epekto ng kautusang Shelter in Place ng California sa ekonomiya.

Saan puwedeng gamitin ng mga may-ari ng maliliit na negosyo ang pondo para sa grant?

Puwedeng gamitin ang pondo para magpasahod ng mga empleyado, patuloy na magsagawa ng mga operasyon, tumupad sa mga kasalukuyang obligasyon, at makaraos sa kabila ng mga epekto ng kautusang Shelter in Place ng California sa ekonomiya.

Magkano ang pondo para sa grant na ibibigay sa mga kwalipikadong aplikante?

Katumbas ng 2 buwang gastusin sa operasyon (na tutukuyin sa pamamagitan ng pagkuha sa average ng gastusin sa nakalipas na 12 buwan, na hahatiin sa 12), na hindi lalampas sa \$10,000, depende kung may magagamit na pondo.

Kakailanganin ko bang ibalik ang pera?

Hindi. Ang San Mateo County Strong Fund ay nagbibigay ng mga emergency na grant na hindi kailangang bayaran. Gayunpaman, ganap na papatawan ng parusa ng County ng San Mateo at ng Office of the District Attorney ang anumang panlolokong nauugnay sa programang ito para sa grant ng batas.

Kailan magbubukas ang panahon ng aplikasyon?

Inaasahang magbubukas ang portal ng aplikasyon sa Lunes, Abril 27, 2020 nang 12:00pm. Tingnan ang website: www.smcstrong.org para sa napapanahong impormasyon.

Paano ako makakapag-apply?

Tatanggap ang County ng San Mateo ng mga aplikasyon para sa Grant sa Maliliit na Negosyo ng San Mateo County Strong Fund sa kanilang website sa www.smcstrong.org. Inaasahang

magbubukas ang portal ng aplikasyon sa Lunes, Abril 27, 2020 nang 12:00pm.

Saan ako tatawag kung mayroon akong mga tanong?

Tumawag sa linya ng impormasyon ng County ng San Mateo sa 211 para sa higit pang impormasyon.

Puwede ba akong mag-apply nang personal?

Dahil sa mga legal na kinakailangan para sa pagdistansya sa ibang tao, online lang tatanggap ng mga aplikasyon.

Bumisita sa www.SMCStrong.org para maghanap ng link sa online na aplikasyon para sa mga grant sa maliliit na negosyo.

MGA TANONG SA PROSESO NG APLIKASYON

Puwede ba akong mag-apply nang personal?

Dahil sa mga legal na kinakailangan para sa pagdistansya sa ibang tao, online lang tatanggap ng mga aplikasyon, sa www.smcstrong.org.

Kakailanganin ko bang magbayad ng singil sa aplikasyon?

Hindi. Walang bayad sa pag-apply. Walang bayarin sa pagpoproseso kung makatatanggap ka ng grant.

Magiging available ba ang aplikasyon sa mga wika bukod pa sa Ingles?

Oo, magiging available ang aplikasyon sa Ingles, Spanish, at Chinese.

Kailangan bang mamamayan o legal na residente ako ng US para makapag-apply?

Hindi. Puwedeng mag-apply ang mga walang dokumentasyong may-ari ng negosyo na makakapagbigay ng kinakailangang katibayan ng pagiging kwalipikado at dokumentasyon ng kita/gastusin.

Ilan ang maaaprubahang grant sa unang round ng mga aplikasyon?

Mag-aapruha hangga't posible. Pero sa bawat \$1 milyong dolyar na grant, kung nasa maximum na \$10,000 ang lahat ng grant, 100 aplikante lang ang makatatanggap ng grant.

Gaano kahigpit ang magiging kumpetisyon sa proseso ng aplikasyon?

Napakahigpit ng magiging kumpetisyon sa proseso. Maghanda bago pa magbukas ang proseso ng aplikasyon.

Ilang grant ang ibibigay sa kabuuan?

Mag-aapruha hangga't posible. Pero sa bawat \$1 milyong dolyar na grant, kung nasa maximum na \$10,000 ang lahat ng grant, 100 aplikante lang ang makatatanggap ng grant.

Makukuha ko ba ang buong \$10,000 dolyar?

Katumbas ng dalawang buwang gastusin sa operasyon (na tutukuyin sa pamamagitan ng pagkuha sa average ng gastusin sa nakalipas na 12 buwan hanggang 3/1/2020), na hindi lalampas sa \$10,000, depende kung may magagamit na pondo.

Puwede bang dalawang beses akong mag-apply para sa iisang negosyo?

Hindi. Matindi ang inaasahang pangangailangan ng mga may-ari ng maliit na negosyo sa 21 lungsod, bayan, at unincorporated na San Mateo County. Dapat gamitin ang pondo para

masuportahan ang mga natatanging aplikante hangga't posible.

Paano pagpapasyahan kung aling negosyo ang makakatanggap ng mga grant?

Susuriin ang mga grant sa first come-first served na batayan sa oras na makatanggap ng kumpletong aplikasyon, kasama ang lahat ng sumusuportang dokumentasyon. Hindi mapupunta ang isang hindi kumpletong aplikasyon sa pila para sa pagpapasya hangga't hindi natatanggap ang lahat ng sumusuportang dokumento.

Puwede ko bang iapela ang pasya kung mapagpapasyahang hindi ako kwalipikado?

Hindi.

MGA TANONG SA PAGIGING KWALIPIKADO NG APLIKASYON

Ano ang mga pamantayan para sa pag-apruba?

Para maging kwalipikado sa ilalim ng programa ng tulong ng County sa maliliit na negosyo, dapat matugunan ng isang negosyo ang lahat ng sumusunod na pamantayan:

- Isa dapat itong for-profit na kumpanyang may hindi bababa sa dalawang empleyado;
- Mula Marso 31, 2019, mayroon na ang negosyo ng lahat ng naaangkop at kinakailangang lisensya/permit ng negosyo o iba pang dokumento ng pagpaparehistro mula sa pamahalaan gaya ng iniaatas ng lokal na hurisdiksyon;
- Ang negosyo ay may pangunahing tanggapan, storefront, o espasyo para sa negosyo na bukas sa publiko at nasa San Mateo County, at hindi bababa sa isang taon nang bukas ang negosyo;
- Ang negosyo ay may katumbas na 10 o mas kaunting full-time na empleyado noong Pebrero 15, 2020 Q wala pang \$2.5 milyong taunang kita sa nakalipas na 12 buwan (Marso 1, 2019 hanggang Pebrero 29, 2020); at
- 25% ang nabawas sa gross na kita ng negosyo dahil sa COVID-19.

Bukod pa rito, kakailanganin ng lahat ng aplikante para sa grant na isumite ang sumusunod na impormasyon kasama ng kanilang mga aplikasyon:

- Taunang net na kita ng negosyo at paglalaan ng (mga) may-ari sa nasabing net na kita ng negosyo; at
- Iba pang programa ng tulong ng lokal, estado, o pederal para sa COVID-19 na pinasahan ng aplikasyon o pondo mula sa Payroll Protection Program - **ang pag-apply sa iba pang programa ay HINDI magdidiskwalipika ng isang aplikante mula sa pagkakatanggap ng grant sa programang ito.**

Anong uri ng dokumentasyon ang kailangang isumite ng mga aplikante bilang bahagi ng proseso ng online na aplikasyon?

Dapat magbigay ang mga aplikante para sa negosyo ng katibayan ng lahat ng kinakailangan sa pagiging kwalipikado at ng 12 buwang dokumentasyon ng kita/gastusin. **Posibleng kasama** sa mga naaangkop na dokumento ang:

- Mga Bank Statement
- Mga P&L Statement sa kasalukuyan
- Mga tax return mula sa IRS o FTB
- Katibayan ng pagbabayad ng utility at/o upa/mortgage
- Katibayan ng mga premium sa pangangalagang pangkalusugan
- Katibayan ng pagpoproseso ng sahod

Kailangan bang residente ng San Mateo County ang may-ari ng negosyo?

Hindi. Kung nasa San Mateo County ang negosyo alinsunod sa mga pamantayan sa pagiging kwalipikado, hindi mahalaga kung saan nakatira ang may-ari ng negosyo.

Itinuturing bang empleyado ang may-ari ng negosyo sa pagtukoy ng pagiging kwalipikado?

- Itinuturing ang may-ari ng negosyo na isa sa dalawang kinakailangang empleyado para maging kwalipikado sa grant. Dapat ay hindi may-ari ang isa pang FTE.

Ano ang full-time equivalent na empleyado?

- Nakakalkula ang full-time equivalent (FTE) sa pamamagitan ng paghahati sa mga nakaiskedyul na oras ng empleyado sa mga oras ng employer para sa isang full-time na linggo ng trabaho. Kapag may 40 oras na linggo ng trabaho ang isang empleyado, ang mga empleyadong nakaiskedyul magtrabaho nang 40 oras sa isang linggo ay mga 1.0 FTE. Ang mga empleyadong nakaiskedyul magtrabaho nang 20 oras sa isang linggo ay mga 0.5 FTE.
- Hahatiin lang ng isang employer na may 35 oras na linggo ng trabaho ang mga nakaiskedyul na oras ng empleyado sa 35 para matukoy ang FTE. Halimbawa, ang isang empleyadong nakaiskedyul magtrabaho nang 21 oras sa isang linggo ay magiging 0.6 FTE kapag 35 oras ang full-time na linggo ng trabaho.
- Nakabatay ang mga pagkalkula ng FTE sa mga oras ng trabaho at hindi sa bilang ng mga empleyado. Posibleng mayroon kang apat na empleyado at iisang FTE lang. Ang apat na 0.25 na empleyado ay 1.0 FTE. Puwedeng magtrabaho sina Amir, Mark, Phyllis, at Sue nang 10 oras sa isang linggo at ang magiging kabuuan ay 40 oras ng trabaho, o isang FTE batay sa 40 oras na linggo ng trabaho.

Ano ang gross na kita?

Sa madaling salita, ang kita ang perang nakukuha sa mga benta, serbisyo, at iba pang paraan. Kung magbebenta ka ng sandwich sa halagang \$5, ang iyong gross na kita sa kasalukuyan ay \$5, kung saan ang gross ay ang kabuuang halaga bago ikaltas ang mga bagay-bagay gaya ng gastusin sa karne, tinapay, at tauhan para magawa at ma-serve ang sandwich. Samakatuwid, kasama sa kabuuang gross na kita ng isang kumpanya ang perang kinita ito sa pamamagitan ng lahat ng iniaalok nitong produkto at serbisyo, halimbawa, kung nagbebenta rin ng French fries o soft drink at kung may mahigit sa isang lokasyon. Ang gross na taunang kita naman ay ang lahat ng bentang iyon mula sa lahat ng nasabing produkto at serbisyo sa lahat ng lokasyon sa isang buong taon. Sa madaling salita, ito ang perang kinita ng iyong negosyo sa isang buong taon.

Ano ang net na kita?

Iba pa ang net na kita ng negosyo -- na madalas ay tinatawag na bottom line -- at ipinapakita nito kung ano ang nangyayari kapag may mga isinasaalang-alang na gastusin. Para matukoy ang net na kita ng negosyo, kinakaltas ng mga manager ang lahat ng nauugnay na gastusin ng kumpanya. Hindi lang ang karne at tinapay sa sandwich ang isinasaalang-alang sa mga unit cost, kung hindi pati na rin ang heat na pinang-grill dito, ang sahod ng taong nagluto nito, ang papel na pinambalot dito, at iba pa. Samakatuwid, ang net na kita ng negosyo ang natitira matapos bayaran ng mga kumpanya ang kanilang mga bill.

Paano kung matutugunan ko ang lahat ng kinakailangan sa pagiging kwalipikado maliban sa isa?

Sa kasamaang-palad, hindi ka magiging kwalipikado. Aabisuhan ka, sa pamamagitan ng email, na hindi naaprubahan ang iyong aplikasyon.

Paano kung hindi ko maibibigay ang lahat ng dokumentasyong kinakailangan para sa isang kumpletong aplikasyon?

Sa kasamaang-palad, hindi ka magiging kwalipikado. Aabisuhan ka, sa pamamagitan ng email, na hindi kumpleto ang iyong aplikasyon at hihilingin sa iyong mag-apply ulit nang may kumpletong dokumentasyon.

MGA TANONG SA PAGHAHANDA NG APLIKASYON

Ano ang dapat kong gawin bilang paghahanda sa proseso ng online na aplikasyon?

Dapat kang makipagtulungan sa iyong accountant, bookkeeper, o sa isang taong makakatulong sa iyong matukoy kung nakakatugon ka sa mga sumusunod na kinakailangan sa pagiging kwalipikado:

- Isa dapat itong for-profit na kumpanyang may hindi bababa sa dalawang empleyado;
- Mula Marso 31, 2019, mayroon na ang negosyo ng lahat ng naaangkop at kinakailangang lisensya/permit ng negosyo o iba pang dokumento ng pagpaparehistro mula sa pamahalaan gaya ng iniaatas ng lokal na hurisdiksyon;
- Ang negosyo ay may pangunahing tanggapan, storefront, o espasyo para sa negosyo na bukas sa publiko at nasa San Mateo County, at hindi bababa sa isang taon nang bukas ang negosyo;
- Ang negosyo ay may katumbas na 10 o mas kaunting full-time na empleyado noong Pebrero 15, 2020 Q wala pang \$2.5 milyong taunang kita sa nakalipas na 12 buwan (Marso 1, 2019 hanggang Pebrero 29, 2020); at
- 25% ang nabawas sa gross na kita ng negosyo dahil sa COVID-19.

At dapat mong hanapin at i-scan ang lahat ng mayroon kang tinatanggap na katibayan ng lahat ng kinakailangan sa pagiging kwalipikado maging ang 12 buwang dokumentasyon ng kita/gastusin.

Posibleng kasama sa mga naaangkop na dokumento ang:

- Mga Bank Statement
- Mga P&L Statement sa kasalukuyan
- Mga tax return mula sa IRS o FTB
- Katibayan ng pagbabayad ng utility at/o upa/mortgage
- Katibayan ng mga premium sa pangangalagang pangkalusugan
- Katibayan ng pagpoproseso ng sahod

Puwede ko bang gamitin ulit ang mga file ng dokumento na na-scan at inihanda ko para sa ibang programa gaya ng Payroll Protection Program ng Small Business Administration ng US?

- Oo, pero kakailanganin mo pa ring tiyaking magbibigay ka ng dokumentasyon ng lahat ng kinakailangan sa pagiging kwalipikado para sa programang ito para sa grant.
- Halimbawa, puwedeng hindi humingi ang PPP ng (mga) kinakailangang lisensya/permit ng negosyo o iba pang dokumento ng pagpaparehistro mula sa pamahalaan gaya ng iniaatas ng lokal na hurisdiksyon kung nasaan ang iyong negosyo.
- Pero dapat mong isama ang dokumentong ito sa iyong aplikasyon para sa programang ito para sa grant.

MGA TANONG SA PORTAL NG APLIKASYON

Puwede ko bang hiwalay na i-fax ang aking sumusuportang dokumentasyon at punan ang

aplikasyon online?

Hindi. Minsanan mo lang dapat kumpletuhin ang buong proseso sa pamamagitan ng online na portal sa www.SMCStrong.org.

Anong mga internet browser sa computer ang tugma sa online na portal?

- **Ang Internet Explorer 11 ay hindi sinusupportahan para sa proseso ng aplikasyon para sa grant gamit ang portal dahil sa mga panganib sa seguridad:**
<https://www.microsoft.com/en-us/microsoft-365/windows/end-of-ie-support>
- Tukuyin kung aling internet browser ang nasa iyong personal na computer bago mo simulan ang proseso ng aplikasyon.
- Inirerekomenda naming gumamit ng kasalukuyang bersyon ng isa sa mga sumusunod na libreng browser: Chrome, Safari, Microsoft Edge, o Brave:
 - **Chrome:** <https://www.google.com/chrome/>
 - **Safari:** <https://www.apple.com/safari/>
 - **Microsoft Edge:** <https://www.microsoft.com/en-us/microsoft-365/windows/end-of-ie-support>
 - **Brave:** <https://brave.com/download/>
- **Tandaan: Tugma na ang mga karaniwang browser sa**

Anong mga uri ng mga digital file ang tatanggapin ng online na portal para sa pag-upload ng sumusuportang dokumentasyon?

- PDF
- Tiff
- PNG
- JPEG (kasama rito ang mga larawan ng mga dokumentong kinunan gamit ang smart phone)

Papayagan ba ako ng portal ng aplikasyon na mag-apply mula sa isang smartphone?

Oo.

Paano ako makakapag-scan ng mga dokumento mula sa isang smartphone?

Impormasyon tungkol sa pag-scan ng mga dokumento mula sa isang smartphone:

- **Pag-scan mula sa iPhone o iPad:** <https://support.apple.com/en-us/HT210336>
- **Pag-scan mula sa Android phone na may Google Drive:**
<https://support.google.com/drive/answer/3145835?co=GENIE.Platform%3DAndroid&hl=en&oco=0>
- **Review ng New York Times sa mga app para sa pag-scan sa mobile:**
<https://thewirecutter.com/reviews/best-mobile-scanning-apps/>

Kailangan ko bang kumpletuhin ang aplikasyon sa iisang session lang?

Hindi. Papayagan ka ng portal na magparehistro at i-save ang pag-usad mo. Inirerekomendang maghanda kang kumpletuhin ang aplikasyon sa lalong madaling panahon dahil magsasara ang portal sa oras na maubos ang pondo. Inaasahan naming marami kaming matatanggap na aplikasyon sa unang 24 na oras.

Paano kung nakumpleto at naisumite ko na ang aking aplikasyon, pero ubos na ang pondo?

Ang anumang aplikasyong matatanggap bago magsara ang portal pero matapos maubos ang pondo ay ilalagay sa isang waiting list ayon sa pagkakasunod-sunod ng pagkakatanggap namin ng mga aplikasyon. Kung magkakaroon ng karagdagang pondo, ipoproseso ang mga aplikasyon sa

panahong iyon, hanggang sa maubos ang karagdagang pondo.

Ano ang mangyayari sa aking aplikasyon kapag wala nang pondo?

Papanatilihin ang iyong nakumpletong aplikasyon sa pila at susuriin ito sa oras na magkaroon ng bagong pondo – **HINDI mo kailangang mag-apply ulit, at hindi ka maaalis sa pila sa aplikasyon.** Aabisuhan ka, sa pamamagitan ng email, tungkol sa status ng iyong aplikasyon.

Papanatilihin bang kumpidensyal ang aking aplikasyon at sumusuportang dokumentasyon?
Oo.

MGA TANONG SA APLIKASYON KAUGNAY NG MGA SELF-EMPLOYED, GIG ECONOMY, AT INDEPENDENT NA CONTRACTOR

Bakit hindi kwalipikado ang mga self-employed na indibidwal, independent na contractor, at Gig Economy worker para sa mga grant para sa maliliit na negosyo? Saan kami dapat humingi ng tulong?

Sa ilalim ng \$2 trilyong CARES Act relief law ng Pederal na Pamahalaan na naaprubahan kamakailan, ang mga taong self-employed (kasama ang mga independent na contractor at gig worker) at hindi kwalipikado para sa regular na insurance mula sa Estado para sa kawalan ng trabaho ay puwede pa ring makatanggap ng mga benepisyo para sa kawalan ng trabaho kung hindi sila makakapagtrabaho o kung nabawasan ang oras ng kanilang trabaho dahil sa coronavirus. Kasama sa mga benepisyong iyon ang:

- **Tulong para sa Kawalan ng Trabaho sa Panahon ng Pandemic (Pandemic Unemployment Assistance):** Puwede kang makatanggap ng hanggang 39 na linggong lingguhang benepisyo para sa PUA. Ang eksaktong halagang matatanggap mo ay pagpapasyahan ng iyong estado, na may ilang karapatan pagdating sa pagtukoy ng pagiging kwalipikado at pagkakalkula ng mga payout ng benepisyo.
- **Kabayaran mula sa Pederal para sa Kawalan ng Trabaho sa Panahon ng Pandemic:** Karagdagang \$600 kada linggo bilang pandagdag sa Tulong para sa Kawalan ng Trabaho sa Panahon ng Pandemic o sa tulong mula sa estado, na ibibigay hanggang Hulyo 31. Dapat kang mag-apply para sa kawalan ng trabaho sa pamamagitan ng iyong estado para makuha mo ang \$600 kada linggo, na puwede mong matanggap kahit hindi ka kwalipikado sa mga benepisyo mula sa estado para sa kawalan ng trabaho o PUA.
- Magsisimulang tumanggap ang Estado ng California ng mga donasyon para sa Tulong para sa Kawalan ng Trabaho sa Panahon ng Pandemic sa Abril 28, 2020.
- **Bisitahin ang page ng mapagkukunan para sa COVID-19 ng Employment Development Department ng Estado ng California sa:** https://edd.ca.gov/about_edd/coronavirus-2019/pandemic-unemployment-assistance.htm

Ano pang mga programa ang nagbibigay ng mga grant sa maliliit na negosyo?

Bumisita sa www.samceda.org para sa impormasyon tungkol sa iba pang programa para sa grant sa maliliit na negosyo.